

American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)

e-ISSN :2378-703X

Volume-5, Issue-10, pp-58-68

www.ajhssr.com

Research Paper

Open Access

KAKAYAHAN SA PANGGRAMATIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL NG GRADE 9 LABORATORY HIGH SCHOOL NG PRESIDENT RAMON MAGSAYSAY STATE UNIVERSITY

Rex M. Misa

President Ramon Magsaysay State University, Philippines

ABSTRACT: Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral na nasa Grade 9 ng Laboratory High School sa President Ramon Magsaysay State University taong panuruan 2018-2019, at natuklasan sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod; Ang antas ng kakayahan ng mga tagatugon sa panggramatikang Filipino ay nakapagtamo ng "Beginning" sa pagpili ng wastong salita, kayarian ng pangungusap at lohikal na organisasyon. Ang antas ng kakayahan ng tagatugon sa panggramatikang Filipino ay nakatamo ng "Developing" sa wastong gamit ng salita, ayos ng pangungusap, pagbuo ng pangungusap at mekaniks. Ang mungkahing modyul ay kailangan bilang kagamitang pampagtuturo. Ang pagtataya sa mungkahing modyul ayon sa kabiston ay lubusang sumasang-ayon. Lumalabas na walang makabuluhang kaugnayan ang akademikong performans sa kakayahan sa pagsusuri ng gramatikong Filipino ng mga mag-aaral. Matapos malaman ang resulta ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na mungkahi: Higit na pag-ibayuhin ng mga guro sa Filipino na maging mapamaraan at malikhain pagtuturo ng wasto at angkop na gamit ng salita sa loob ng pangungusap upang malinang sa kanila ang kawastuhan sa gramatikang Filipino nang magamit nila ito ng maayos sa kanilang kasanayang pasalita at pasulat. Paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay ng maraming halimbawa sa mga tiyak na sitwasyon at sa iba pang pagkakataon. Paunlarin ang kakayahan ng mag-aaral sa pagsulat ng artikulong may lohikal na organisasyon ng bawat kaisipan at maging ang paggamit ng angkop sa tuntuning ng pagbabantas, pagbabaybay at kapitalisasyon. Ang binuong modyul ng mananaliksik ay maaring gamitin ng mga guro sa Filipino upang mapaunlad nang husto ang kanilang kagalingan sa wasto at angkop sa paggamit at pagpili ng mga salita at maging sa pagsulat ng isang artikulo. Ang mga mananaliksik at mga guro ng wika ay nararapat na magsagawa ng higit na mas malalim na katulad na pag-aaral na magpapakita ng kaugnayan sa resultang natamo sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng malalim pag-aaral tungkol sa kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral.

Keywords: *Gramatika, Kakayahan sa Gramatikang Filipino, Interbensyong material, Pagbuo ng artikulo, Wastong gamit ng salita, Pagpili ng wastong salita*

I. INTRODUCTION

Sa linggwistika, ang gramatika ay isang set o hanay ng estruktural na tuntunin na binubuo ng iba't ibang kayarian tulad ng sugnay, parirala, pangungusap, pagbuo ng mga salita at maging ang paggamit ng wastong salita.

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay malaman at mabigyang solusyon ang mga suliranin ukol sa paggamit ng wasto at angkop na salita maging ang paggamit ng balarila sa pagsulat at pagsasalita ng isang tao. Batay sa obserbasyon ng kasalukuyang mananaliksik, maraming mga mag-aaral gayundin ang mga tagapagturo ng wika ang nalilito at nahihirapan sa pagpili at paggamit ng mga salita at pagbuo tamang pangungusap sa paraang pasalita o pasulat man.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahan ng mananaliksik na makakatulong ito sa mga guro sa paggamit ng wasto at angkop na mga salita at magiging instrumento ng mga guro upang mapataas ang kaalaman ng mga mag-aaral pag-alam at pagkatuto ng balarilang Filipino na siyang gamitin sa daluhasaan sa larangan ng pang-akademikong kagalingan.

II. RELATED LITERATURE AND STUDIES

Ang mga salik sa pagkakaiba-iba ng bawat indibidwal ay nakakaapekto rin sa pagkatuto sapagkat bawat mag-aaral ay may iba't-ibang estratehiya ay kakayahan para matuto mula sa kani-kanilang karanasan maging ng lahi. Mas matututo ang isang mag-aaral kung ang lingwahe, kultura at sosyal na background na iba-iba ay napag-isa. Batayan kung paano itinuturo ang asignatura, paraan ng pagtataya at batayan kung may natutunan. Sa lahat ng nilalang ng Diyos ang tao lamang ang binigyan ng kapangyarihang makapagsalita, makarinig, makabasa at makasulat ng may kritikal na pang unawa. Dahil dito kanyang nai-explore ang mga bagay-bagay na may kinalaman sa kanyang kapaligiran at natutuklasan ang mga pangyayaring nakakatutulong sa paghubog ng kanyang kamalayan. Ang pagkakaroon ng talino at isipan, ang kakayahang makalikha ng tunog at makapag-kritik ang dahilan kung bakit kailangang mapaunlad sa tao ang tinatawag na makrong kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, at pakikinig at panonood. Isang mahalagang kasangkapang nagagamit ng tao sa paglinang ng mga kasanayang nabanggit ang wika. Isasaalang-alang itong kasangkapan sapagkat sa wika naipapahayag ng tao ang kanyang kaisipan at saloobin. Sa wika nagkakaroon siya ng pagkakataon na makipag-interaksyon sa mga taong nasa lipunan at sa pamayanang humubog ng kanyang kamalayan. Sa wika kanyang naibubulalas ang damdaming maaring sumikil sa kanyang pagkatao.

1. Pagpili ng wastong salita. Ito ay ang wasto at angkop ng pagkakagamit ng salita sa isang pahayag. May mga salita tayong ginagamit na ang akala natin ay tama o wasto at maari itong magpalitan o malayang magpalitan ayon sa pagkakagamit, ngunit hindi naman, kung ibabatay natin ito sa istriktong tuntuning pambalarila tulad ng paggamit ng eupemismong pahayag o paglulumay na pahayag upang mas maganda at kaaya-ayang pakinggan kaysa sa orihinal nitong kahulugan.

Gaano man kasining ang isang pahayag, kung mali naman ang gramatika nito, maari itong maging hindi katanggap-tanggap lalo na sa mga iskolar, edukado at kritiko. Bukod pa rito maari itong maging hindi kapani-paniwala at maging katawa-tawa. Bernaldes, R., Bernardino, E., Sison, E at Babasa, E. (2013).

Ayon sa ulat ni Impong Elyang sa Philippine Star (2012), binanggit nina Abangan, Magno, Becero, at Gera (2016) mga may akda ng “Masining na Pagpapahayag” (Filipino 3) “na ang wastong paggamit ng ng mga salita ay siyang tulay sa isang masining na pagpapahayag. Nabanggit ng mga may-akda na hindi maiiwasang magkaminsan akala natin ay maaring makapagpalitan ang gamit ng ilang mga salita. Subalit kung susuriin mabuti ang kawastuhan ng gamit nito, matutuklasan nati’y na tayo ay nagkakamali”.

2. Wastong paggamit ng salita. Ito ay kaangkupan ng paggamit ng salita na makatutulong upang maging maayos, malinaw at mabisa ang pagpapahayag. Ito ang sangkap upang mas maging maganda at kaakit-akit ang pahayag. Ilang halimbawa nito ay ang mga sumusunod. Paggamit ng NANG at NG, Mayroon at May, Pahirin at Pahiran, Subukin at Subukan, Kung at Kung at iba pa.

Ayon kay Lomtung hinalaw ni Heramia (2017), pinakabiktima ng maling paggamit ng mga balarila ay ang nang at ng. ginagamit ang nang bilang kasing kahulugan ng noong, para at upang. Samantalang ang ng naman ay ginagamit tuwing sinusundan ito ng pangngalan (noun). Ang ilan sa nasabing halimbawa kung tutuusin ay maliliit na salita lamang. Bagkus, pinuna nito ang maling paggamit ng mga karaniwang parirala na aklat ng nakararami ay wasto.

3. Ayos ng Pangungusap. Ito ay ang tamang pagkaka-ayos ng pangungusap sa pahayag. Karaniwang binubuo ng Karaniwang Ayos at Di-Karaniwang Ayos. Karaniwang Ayos kung ito ay pinangungunahan ng Panaguri at susundan ng Paksa o Simuno at Hindi lantad ang “ay”. Di-Karaniwang ayos kung ito ay pinangungunahan ng Paksa/Simuno at sinusundan ng Panaguri ay lantad ang “ay” Tanawan, S., Lartec, J. at Nacin, A. (2008).

Halimbawa: *Si Ana ay masipag na mag-aaral. (Di-Karaniwang Ayos)*

Masipag mag-aral si Ana. (Karaniwang-Ayos)

4. Kayarian ng Pangungusap. Ito ay ang istruktura ng pangungusap na karaniwang binubuo ng mga sumusunod. Payak na Pangungusap- ito ay nagpapahayag ng isang buong diwa o kaisipan. Tambalang Pangungusap-dalawang Payak na Pangungusap na pinag-uugnay ng pangatnig. Hugnayang Pangungungusap- isang payak na pangungungusap at isang sugnay na pinag-uugnay ng pangatnig. Langkapang Pangungusap- ito ay binubuo ng dalawang sugnay na makapag-iisa at isa o higt pang katulong na sugnay.

5. Pagbuo ng Pangungusap. Ito ay ang pagkakaroon ng kaisahan sa kaisipan ng pahayag at nag-uugnay sa bawat bahagi ng pangungusap tungo sa isang pangunahing diwa. Ang gramatika ay isang espesyalistang disiplina. Ang masusing pag-aaral nito ay komplikado at nangangailangan ito ng mahabang panahon. Kung pakaisipin, hindi hindi kailangang maging dalubhasa sa larangang ito upang maging mapanghikayat na ispiker at manunulat. Ngunit anumang kaalaman at kasanayang panggramatika na ating naiaaply sa anumang diskurso pasalita man o pasulat, ay malaking tulong sa ating pagpapahayag.

6. Mekaniks. Ito ay paggamit ng wastong pagbabaybay, kapitalisasyon, pagbabantas, pagpapantig ng mga salita at iba pa, dapat isa-isip na ang maayos na pagkakasulat ng isang sulatin ay isang kailanganin na dapat isaalang-alang sa pagsulat. Kailangan na ang lahat ng salitang gagamitin ay may wastong baybay. Hindi dapat kaligtaan ang wastong pagbabantas at ang angkop na anyo ng teksto na gagamitin sa pagsulat. Almario (2014).

7. Lohikal na Organisasyon. Ito ay ang wastong pagkakabuo o pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa loob ng isang artikulo. Naglalaman ito ng kaisahan, kaugnayan at pagbibigay diin o emphasis. Ang epektibong komunikasyon ay yaong nagsisimula sa maayos at malinaw na pagkakahayan ng mga kaisipan tulad ng lohikal at pagkakaroon kaangkupan, sa gayon, isa sa pinakamahalagang pasya sa isang manunulat ay makabuo ng isang mahalagang hulwaran ng organisasyon na magagamit sa istruktura at pagkakasunod-sunod ng ideya sa isang pahayag.

Sinabi ni J. Lee (2015) ang isang tao na maalam sa larangan ng gramatika ay may kaangkupan sa paggamit ng wastong deliberasyon ng kanyang balarila na kanya ring magagamit sa pagsulat ng isang makabuluhang pangungusap at may kahusayan sa komunikatibong pangwika tungo sa kanyang pagpapahayag ng may kagalingan at kalinawan sa pagpapahayag.

Sa pahayag ni Almario (2015) "Sa kabilang dako, hindi maipagkakaila na nalilito kahit ang mga guro ng Filipino sa nagbabangang mga panukalang uri at anyo ng wikang Filipino sa kasalukuyan. Pagkatapos baguhin ang pangalan ng wikang pambansa mula "Pilipino" tungo sa "Filipino" at repormahin ang alpabeto tungo sa pagkakaroon ng 28 titik, dapat lamang asahan ang pagsulpot ng mga haka at panukala upang makaahon ang wikang pambansa mula sa kumunoy ng "purismo" at makaagpang sa mga hamon ng intelektuwalisasyon"

Nakapailalim ang wika sa mithiin ng pagbuo ng isang bansa. Tinuturing ang wika bilang simbolo ng pagkakakilanlan. Wika ang mabisang salik ng pagbubuklod, lalo ng mga bansang dumaaan sa mga puwersang kolonyal at ng mga lipunang multilinggwal, katulad sa karanasan ng mga bansa sa Silangang Africa, Timog at Timog-silangang Asya, kabilang na ang Filipinas, Millar, (2005). Sa parehong nabanggit na sitwasyon, mayroong agarang pangangailangan na makataong interbensiyon sa pagpaplanong wika (PW). Tunguhin ng PW ang isang sadya at sistematikong pagtukoy sa patakaran sa wika at sa planong implementasyon nitó na may pagtanaw panghinaharap, Rubin at Jernudd, 1971 hinalaw ni Hinkel, (2005).

Ayon kay Mabanglo (2016), mahalagang bigyang-diin sa pagtuturo ang pagsasalita sa Filipino, dahil pagsasalita ang paunang suklat sa kaalaman sa wika. Sa pagsusuri ng guro minungkahi niyang dapat dumaaan ang mga guro sa pagsusuri upang malaman ang kanilang antas sa pagsasalita ng Filipino. Hindi makaaasang magiging mahusay na mahusay ang mag-aaral kung hindi mahusay na mahusay ang modelo – ang mga guro, mahalagang makaabot ang mismong guro sa "superior level" ng pagsasalita: Superior level – Napagtatanggol at naipaliliwanag ng guro ang kanyang opinyon, at natatalakay ang mga abstraktong paksa. Puwede siyang humimok ng tao. Advanced level – Nagkakamali pa ang guro sa gramatika, hindi wasto ang bokabularyo, halos tama na ang konstruksyon, kaya nang magsalita ng paragraph length, malinaw na malinaw ang hilerang pangangatwiran. Intermediate level – Mahusay-husay na ang guro, kaya nang magsalita ng sentence level, kung minsan hindi pa magkaugnay-ugnay, nakasasagot sa tanong, hindi minsan wasto nguni't puwedeng itama ang sarili. Novice level – Baguhan pa ang guro, parirala lang ang nasasabi, saulad pa ang sasabihin. 'Pag 'di na naalala, magkaka-breakdown na sa pagsasalita.

Ayon kay Tarsoly at Valijari (2013) ang wika ay katangi-tanging katangian ng tao, dahil sa wika nagkakaroon ng pagkakakilanlan. Ang wika ang dahilan kung bakit nagkakaunawaan ang mga tao, kaya't napakahalaga ang pagtibayin ang wikang mayroon ang isang lipunan dahil makikita rito kung paano binibigyang pagpapahalaga ang sariling wika. Kung kaya't nagkakaroon ng pagkakaisa at pagkakabuklod-buklod tungo sa iisang layunin ang bawat indibidwal o grupo ng mga tao sa ating lipnan.

Sa patuloy na panghihiram ng mga salita sa ibang wika, nawawalan ng kakanyahan ang isang wika dahil sa mga katangiang hinahalaw dito na nagpapabago sa anyo ng palabaybayan nito. Kung kaya, gaya ng dating panuntunan, ang walong dagdag na mga letra (C,F,J,N,Q,V,X,Z) ay gagamitin lamang sa mga: (1) pantanging ngalan ng tao, lugar, produkto, pangyayari, gusali atbp.; (2) mga salitang teknikal na hindi karakarang maasimila dahil kapag binaybay nang ayon sa sinusunod na sistema ng pagbaybay ay nalalayo na sa orihinal na anyo sa Ingles .

Ayon kay Milambiling (2011), sang-ayon sa kanya ang taong nagsasalita nang dalawa o maraming wika ay mas nakaalam sa mga baryabols ng sosyo-lingwistika at gamit nito kaysa sa taong iisa lang ang alam na wika. Ang kagandahan nang pagkakaroon ng maraming alam na lenggwahe ay lubos na nagbibigay kaalaman at makisalamuha sa marami o iba't ibang tao. Isang katotohanang hindi mapapasubalian na ang paraan ng paggamit ng wika ay maaring magbunga ng pagbabago sa isip, damdamin at maging sa gawi ng mga tao. Malaki ang kaugnayan ng wika sa tagumpay o kabiguan ng isang tao, pansinin, karamihan sa kung hindi man lahat sa mga wika matatagumpay ng tao sa lipunan ay may mataas na kaalaman at kasanayan sa paggamit ng wika o pagpapahayag. Bernales, Tuazon, Angeles, Fabrigas, Macaraig at Rovira (2006).

Ayon naman kay Andrews (2008), ang pagkaalam sa wika ay tanda ng pagsasagawa ng pananaliksik at pagpapaulad sa mga gawaing pangguro na nakapokus sa pagitan ng alam ng guro o kailangan pang malaman ng guro tungkol sa wika at pagsasanay sa pagtuturo. Kabilang ang mga gurong nagtuturo ng iba't ibang asignatura ang kahalagahan ng pagkakaroon ng alam sa wika.

Sa panayam ni Zafra kay Atienza (2011) ang konsepto ng Learning by Doing sa pagtuturo ng wikang Filipino, ay binibigyang diin ang gramatika sa unang baitang ng pagtuturo. Mahalaga na makuha at

maintindihan muna ng estudyante ang istruktura ng wika, gayon din ang pagkamit ng mayamang lexicon bago ang mga praktikal na pagsasanay sa wika sa pamamagitan ng real-world, functional, at situational na aplikasyon. Gramatika, istruktura, bokabularyo, at pinaka-basic (o simple) na pagpapalitan ng tanong at sagot sa unang baytong; praktikal na aplikasyon ng wika sa intermediate level, at pagbibigay ng kuro-kuro at opinyon sa advanced level. Sa lahat ng ito, ang pinakalayunin ay ang epektibong pagsasalita ng Filipino, at ito ang binibigyang diin sa klase”

Sang – ayon naman kay Peng (2007) ang teorya ng pagtuturo ng banyagang wika at mga dulog nito ay patuloy na nagbabago, pakikibaka at pagpapaunlad ang pananaw sa kaalaman at kasanayan. Sa kasaysayan ng banyagang wika naranasan ang tinatawag na “grammar translation approach”, “direct approach” and “audio lingual approach”, and after these teaching approaches, “communicative approach” mula ika-60 hanggang ika-20 daang taon. Ang tradisyunal na dulog sa pagtuturo ay isinantabi at ang ginamit ay ang tinatawag na “communicative approach” ng tatlung taon sa Tsina, subalit may mga balakid sa dulog na ito, ang stress “communicative English Language Teaching competence” at neglect “linguistic competence”. Ang guro at ang mag-aaral ay laging nagsasaliksik sa tamang pagsasalita ng Ingles pero ang may kahinaan ang kanilang pagbabasa at pagsusulat. Samantalang ang mag-aaral ay malimit na magkamali sa pagsasalita at pagsusulat at walang kaalaman sa wika. Marahil ito ang resulta ng communicative approach para sa pagtuturo ng banyagang wika.

Ang konsepto mula sa “linguistic competence” ay sinang-ayunan ni Chomsky (1965) na batay sa pagpapabulaanan tungkol sa language theory of behaviorism at binigyang kahulugan bilang kaalaman sa Sistema ng wika ng katutubo kabilang ang tunog, salita, sintaks, semantika at mga tuntunin.

Sang-ayon kay Yu (2008), isa sa pina-basic na panlabas na anyo ng wika ay ang pagiging malikhaing sistema nito. Maaring ang mag-aaral ay gamitin ang mga tuntuning pangwika at makalikha pa ng maraming salita.

Ayon naman kay Macasmag (2011) kung natututo ang isang bata sa gramatika nagiging maalam ito napapagyaman ang kanyang pahayag. Yumayabong ang kaalaman nito kapag madalas ang pakikipag-usap. Sa pakikipagkomunikasyon, nasusuri ang wasto at maling gamit ng gramatika. Nalilinig sa pakikipagtalasan ang kabihasaan ng isang mag-aaral. Dito ay nakikita kung ano ang kanyang natutunan ukol sa larangan ng gramatika

Sa pagpapaliwanag naman ni Manaol (2014) ang gramatika ang tawag sa agham na tumatalakay sa mga salita at kanilang ugnayan. Ito ang nagsisilbing kaayusan ng salita o sa pagbuo ng mga pangungusap at organisasyon ng mga ideya. Ang wastong pagkakasunod-sunod ang gampanin ng gramatika sa pangungusap. Ito ang nagbibigay diin sa tamang pagpapakahulugan sa bawat ideya. Ang gramatika ay tungkulin sa wastong paggamit ng mga salita at sa kaibahan ng tama sa maling pangungusap upang maging wasto at malinaw ang pagpapahayag.

Ayon naman kina Bisa at Cruz (2014) higit na mabisa at masining ang isang pagpapahayag gamit ang gramatika kung isinasaalang-alang ang higit na natural na istruktura. Mahalaga ang pagkakasunod-sunod na posisyon ng bawat salita. Inilahad na dapat ay wasto ang gamit sa mga salita sapagkat mahirap unawain ang isang mensahe na hindi angkop ang mga salitang ginamit. Di lubusang mauunawaan ang nais ipukol ng damdamin maging ang lawak ng ideya kung walang kawastuhan ang gamit nito. Marapat din na bigyang pansin ang paraan ng paghahanay ng mga salita sa isang pahayag dahil hindi kanais-nais sa pandinig sa isang pangungusap kung magulo ang mga hanay ng salita.

III. KAUGNAY NA PAG-AARAL

Ang ginawang pananaliksik ni Baluca at Bilbao, (2006) ukol sa varayti ng Filipino na ginagamit sa mga Unibersidad sa Metro Baguio ang pangunahing kaugnay na pag-aaral ng kasalukuyang pananaliksik. Sa pag-aaral na ito, inalam niya ang katangian sa pasalita at pasulat na Filipino ng mga guro. Gayunpaman, magkaiba ang pag-aaral ni Delima at ang kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang una ay nais malaman ang katangian ng mga guro sa pasalita at pasulat na Filipino, samantalang ang huli naman ay hangad malaman ang kahusayan sa gramatika ng mga guro na nagtuturo sa iba’t ibang disiplina.

Ayon sa National Elementary Assessment Test (NEAT) at National Secondary Assessment Test (NSAT) (2009). Sinusukat ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral na nagsulit sa pamamagitan ng Mean Percentage Score (MPS). Isinasaad ng MPS ang ratio ng bilang ng tumpak na sagot at ang kabuuang bilang ng tanong sa pagsusulit o ang porsiyento ng tumpak na sagot sa pagsusulit. Mataas ang kalidad ng Filipino sa elementarya, ngunit bumabagsak pagsapit sa sekundaryang antas. Batay sa resulta ng pagsusulit, higit na mataas ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa elementarya hinggil sa asignaturang Filipino kumpara sa Ingles. Samantalang tumaas naman ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga estudyante sa hayskul hinggil sa Ingles kompara sa Filipino. Sumasalamin ang ganitong resulta sa naging tuon ng DepEd hinggil sa pagtuturo ng dalawang asignatura. Una, maaaring nakahihigit ang kalidad ng pagtuturo sa Filipino sa elementarya kaysa

sekundarya. Ikalawa, maaaring bumaba ang kalidad ng pagtuturo sa Filipino pagsapit sa sekundarya, samantalang malaking oras at pagsasanay ang inilalaan sa pagtuturo ng Ingles pagsapit sa sekundarya.

Ayon kay Sensie (2011) sa kanyang "Research and Development of Measurement Scales and Assessment Tools on Native Language Skills of Foreign Children (Native Speakers of Filipino Attending Schools in Japan)." Layunin ng proyektong ito ang bumuo ng kasangkapan para matasa ang kakayahan at kasanayan sa Filipino ng mga batang Filipino na ipinanganak sa Pilipinas at nag-migrate na sa Japan at nag-aaral sa mga paaralang Hapon. Ang talagang nais matamo ng proyekto ay ang matulungan ang mga batang Filipino na mapanatili at mapalakas pa ang kanilang unang wika kahit nag-aaral na sila sa mga paaralang Hapon at namumuhay na sa ibang bansa.

Sa pag-aaral naman ni Professor Yu (2008) nadiskubre sa Tsina na ang may makabuluhang kaugnayan ang banyagang wika sa pangalawang wika ayon sa pagkatuto sa kapaligiran, motibasyon sa pagtuturo, kawilihan sa pagkatuto, dulog sa pagkatuto, samantalang ang banyagang wika ay natutunan sa kamalayang pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Kapag ang mag-aaral ay lumabas ng silid-aralan siya ay lantad sa wikang Tsina at pwedeng ihalo nya ang banyagang wika sa kanyang pagsasalita. Katulad ng kasalukuyang pag-aaral lantad ang Pilipino sa iba't ibang banyagang wika, na nagagamit natin sa pang-araw-araw na Gawain, dangan lamang kung ating tingnan nang mabuti parang wala nang isang daang porsiyento ang paggamit ng sariling wika sa sariling bansa.

Ang pangangailangan ng balarila sa pagtuturo, ito ang ginawang pananaliksik ni Wang (2010), ang pagkakaroon ng kasanayan o kagalingan sa balarila ay pundasyon ng pagkakaroon ng kahusayan sa wika, mahalaga ang balarila bilang bahagi ng wika sa pagtuturo, ang balarila ay epektibong paraan para sanayin ang mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon gamit ang Ingles na wika, kaya sa kanyang pag-aaral ang balarila at ang kakayahang pangkomunikatibo ay iisa. Sang – ayon ang kasalukuyang manaliksik sa pag-aaral na isinagawa ni Wang, kailangan talagang maalam ang mga Pilipino sa Balarilang Filipino.

Hindi sapat ang kahandaan at kakayahang panggramatika sa pagkatuto ng wika ng isang mag-aaral. Masasabing magaling ang isang tao sa paggamit ng isang wika kung siya ay nakabubuo ng mga pangungusap na angkop sa lipunang kanyang ginagalawan. Ang kakayahan at kasanayan sa pagsasalita at pasusulat ay hindi lamang nakatuon sa kung ano ang kanyang alam at makabuo ng pangungusap bagkus ay magamit ang mga pangungusap na angkop at tinatanggap ng lipunan, Hymes, 2002 hinalaw nina Arca, Epan, Gonzales at Minimo, (2014).

Sa isinagawang pag-aaral ni Galang (2007) Sa bahaging linguistika na saklaw ang ponolohiya, napatunayan na ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa diptonggo, ang karaniwang kamalian ay kapag magkasunod ang isang patinig at Y at Al-sa isang pantig, ito ay diptonggo na nang hindi muna sinusuri ang pagpapantig. Sa morpolohiya, ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral ay ang paggamit ng pang-angkop na ng at nang. Pinahihiwatig nito ang kakulangan ng kaalaman sa wastong gamit ng naturang pang-angkop. Sa sintaksis lumilitaw na madali para sa mag-aaral ang bumuo ng isang pangungusap na kasingkahulugan ng naibigay na pangungusap. Nakikilala ang magkakaugnay na pangungusap at higit sa lahat nauunawaan ang talatang nabasa. Bagama't may ilang mga katanungan sa pag-unawa sa talata na di wasto ang naging kasagutan sapagkat kinakailangan ang higit na mataas na lebel ng pag-isip upang masagot ang mga ito. Saklaw din ang talasalitaan sa kakayahang linggwistika, napatunayan na ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagkilala sa magkakasingkahulugan at pagtukoy sa magkakasalungat na salita ay ang "context clue." Ang mga mag-aaral ay di-gaanong bihasa sa pagpapakahulugan gamit ang pahiwatig.

Sa artikulo ni Lukmani (1972) may motibasyon sa pagkatuto ng ingles ang mga Marathi na mag-aaral. May makabuluhang kaugnayan ang instrumental motivation sa nakuha nilang iskor sa pagsusulit, ibig sabihin natuto silang magsalita ng wikang Ingles.

Sa pinahayag na pag-aaral nina Russel at Spada (2006) ang sariling pagtatama ay magandang istrateliya upang itama ang gramatika at istruktura. Ang guro ay nagbibigay ng iba't-ibang pamamaraan para sa mga estudyante na paghusaying ayusin ang mga kamalian sa kanilang sariling pamamaraan dahil sa sinabi nga na ang pagtatama ay para sa pagtuturo at hindi sa ebalwasyon. Ang pagtatama ay lubhang kailangan sa pagtulong sa mag-aaral na maging magaling sa paggamit ng wikang banyaga. Binigyang diin na mayroong namumuong ebidensya na ang pagtatama ay pangkalahatang kapakinabangan at tulong sa pangalawang wikang matututunan.

Ayon kay Yu (2008), ang resulta ng statistic ay nasa walumpung bahagdan (80%) na nagsasabi na ang dahilan nila sa hindi pagkatuto ng Ingles ay ang istruktura ng wika, problema sa pagbabasa, balarila, pagsasalita at pasusulat at ito ay maaari rin mangyari sa wikang Filipino, may mga pagkakataon na hirap ang mga Pilipino pagdating sa istruktura ng wika, mula grade 1 hanggang sa pagtungtong ng kolehiyo pinag-aaralan natin ito, subalit dumarating sa puntong ito'y ating nakakaligtaan, ang tamang paggamit ng istruktura ng wikang Filipino, marahil maraming mga salik ang nakaapekto kung bakit hindi masyadong natutunan ng mga Pilipino ang Balarilang Pilipino.

IV. OBJECTIVES OF THE STUDY

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral na nasa Grade 9 Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University taong panuruan 2018-2019.

Ang mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong disenyo ng pananaliksik at katulong ang paggamit ng talatanungan bilang instrumento sa pagkalap ng mga datos mula sa kabuuan ng pitumpu't walo (78) mag-aaral na napili gamit ang "Universal Sampling Technique".

Ang talatanungan na ipapakalap sa mga tagatugon ay nakatuon sa ibat ibang dimensyon ng kasanayang panggramatika gaya ng pagpili ng salita, wastong gamit ng wastong salita, ayos ng pangungusap, kayarian ng pangungusap, pagbuo ng pangungusap, mekaniks at lohikal na organisasyon. Titignan din ng mananaliksik ang akademikong performans ng mga mag-aaral na kakailanganin upang matukoy kung may kaugnayan ba sa kakayahang panggramatiko sa Filipino at makatulong sa kasalukuyang ginagawang pananaliksik.

V. MATERIALS AND METHODS

Lugar ng Pag-aaral

Ang pananaliksik ay isinagawa sa President Ramon Magsaysay State University, Iba Campus at San Marcelino Campus. Napili ang paaralang ito sapagkat makakatugon ng malaki sa paglutas ng suliraning hinahanapan ng solusyon batay sa isinagawang pananaliksik.

Kalahok ng Pag-aaral


Ang mga kalahok sa pag-aaral ay kinabibilangan ng nasa unang pangkat na binubuo ng tatlumpu't walong mag-aaral mula sa Iba Campus at apatnapung mag-aaral mula sa San Marcelino Campus na may kabuuang pitumpu't siyam na mag-aaral Grade 9 ng Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University.

Ang ikalawang pangkat ng tagatugon ay kinabibilangan ng pitung (7) guro na susuri at magbibigay ng balidasyon sa inihandang interbensiyong material batay sa isinagawang pananaliksik.

Paraan ng Pangangalap ng Datos

Ang mga mananaliksik ay maghahanda ng lahat ng gagamitin. Hihingin ng mga mananaliksik ang pahintulot sa mga punong guro at direktor sa Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University, Iba at San Marcelino Campus bago ibigay sa mga mag-aaral ang talatanungan. Ang talatanungan ay naglalaman ng kakayahan ng mga mag-aaral sa panggramatikang Filipino.

Ang mananaliksik ay masusing ginamit ang Input, Process at Output na modelo ng pananaliksik. Ang Input ay para sa mga suliraning bibigyan ng ibayong kasagutan. Ang process ay kinapapalooban ng talatanungan at mga istatistikong pamamaraan. Samantalang ang Output ay kinapapalooban ng kinalabasan o magiging resulta ng mga salik o suliraning hinahanapan ng kalutasan.



Tinukoy ang Antas ng kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral na nasa Grade 9ng Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University t sa pamamagitan ng pagsagot sa inihandang pagsusulit. Nakapaloob sa pagsusulit ang mga tanong tungkol sa mga mga tulang susuriin at mga salik na nakaapekto sa kanilang kakayahan sa pagsusuri ng tula.

Ang mga datos na nakalap ay hinimay-himay at ginawan ng talahanayan upang magawan ng interpretasyon. Upang higit na maanalisa ang mga datos, ang mananaliksik ay gumamit ng iba't-ibang uri ng istatistiko tulad ng Pagbabahagdan (Percentage), Weighted Mean (x), Frequency, Pearson r at Likert Scale.

VI. RESULTS AND DISCUSSION

Nakalahad sa kabanatang itong mga datos na nakalap hinggil sa kasalukuyang pag-aaral. Sa pamamagitan ng mga talahanayang ginamit ay malinaw na ipinakita ang mga resulta ng mga sagot sa talatanungan at ististikang ginamit upang mabigyang kasagutan ang mg tiyak na katanungang binanggit sa unang kabanata.

Ang unang talahanayan ay nagpapakita ng buod sa lebel ng kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral na nasa Grade 9.

Panggramatikang Filipino	AWM	DE	Ranggo
1. Pagpili ng Wastong Salita	70.78	Beginning	6
2. Wastong Gamit ng Salita	77.08	Developing	3
3. Ayos ng Pangungusap	79.10	Developing	1
4. Kayarian ng Pangungusap	67.13	Beginning	7
5. Pagbuo ng Pangungusap	77.85	Developing	2
6. Mekaniks	75.08	Developing	4
7. Lohikal na Organisasyon	74.12	Beginning	5

Batay sa nakalap na datos ayon salebel ng kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag – aaral. Ipinapakita sa datos na ito na nasa unang (1st) ranggo sa panggramatikang Filipino ang ayos ng pangungusap na may average weighted mean na 79.10 na may average weighted mean na 79.10, ikalawang (2nd) ranggo ang pagbuo ng pangungusap na may average weighted mean na 77.85, nasa ikatlong (3rd) ranggo ang wastong gamit ng pangungusap na may average weighted mean na 77.08, ikaapat (4th) na ranggo ang mekaniks na may average weighted mean na 75.08, ikalima (5th) ranggo ang lohikal na organisasyon na may average weighted mean na 74.12 at nas ikaanim (6th) ranggo ang pagpili ng wastong salita na may weighted mean na 70.78.

Ang pangalawang talahanayan ay nagpapakita ng buod ng Index ng kahirapan ng tanong sa kakayahang panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral na nasa Grade 9.

Panggramatikang Filipino	Index ng Kahirapan		
	Porsyinto	Range	Interpretasyon
1. Pagpili ng Wastong Salita	51.37	0.51	Katamtamang Mahirap
2. Wastong Gamit ng Salita	64.27	0.64	Madali
3. Ayos ng Pangungusap	62.05	0.62	Madali
4. Kayarian ng Pangungusap	26.28	0.26	Mahirap
5. Pagbuo ng Pangungusap	62.82	0.63	Madali
6. Mekaniks	39.23	0.39	Mahirap
7. Lohikal na Organisasyon	36.41	0.36	Mahirap

Batay sa nakalap na datos ayon sa index ng kahirapan ng tanong sa kakayahang pangramatikang Filipino ng mga mag-aaral. Nakakuha ng index ng pagkahirapan na may katumbas na 51.23 katumbas na katamtamang mahirap. Nagangahulugang may mga pangungusap na madaling unawain kung ano ang tamang iaangkop na salita sa pahayag kung minsan naman ay nasa paraan ng pagkakabuo ng pangungusap lalo na kung may makikitang mga hudyat sa loob ng pahayag. Ang kakayang panggramatika na wastong pagpili ng salita, ay nakakuha ng index ng kahirapan na 64.27 o 0.64% na nangangahulugang madali. Ang kakayang panggramatika na wastong gamit ng salita ay nakakuha ng index ng kahirapan na 64.27 o 0.64% na nangangahulugang madali. Batay sa resulta, naging madali ang pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa wastong gamit ng mga salita

gayundin ang ayos ng pangungusap ay nakakuha ng 62.05 o 0.62.05% na nangangahulugang madali. Batay sa resulta, naging madali ang pag-unawa ng mga mag-aaral ayon sa kakayahan sa ayos ng pangungusap. Ang kakayang panggramatika na kayarian ng pangungusap ay nakakuha ng 26.28% o 0.28% na nangangahulugang mahirap. Ang kakayang panggramatika na pagbuo ng pangungusap ay nakakuha sa kabuuan nakakuha ng index ng kahirapan na 62.82 o .6282% katumbas na madali ang pagsusuri ayon sa pagkakabuo ng pangungusap. Batay sa resulta, naging madali ang pag-unawa ng mag-aaral ayon sa pagkakabuo ng pangungusap. Ang index ng kahirapan ng tanong sa panggramatikang Filipino ng mga mag – aral ayon sa mekaniks ng pagsulat ng sanaysay ay nakakuha ng 0.3923 katumbas na Mahirapgayundin ang lohikal na organisasyon nakakuha ng index ng kahirapan na 0.3641 katumbas na Mahirap.

Ang pangatlong talahanayan ay nagpapakita ng akademikong perormans ng mga mag – aral ng Grade 9. Mula sa pitumpu't walong (78) bilang mga tagatugon.

Descriptive Equivalent	Numerical Value	Frequency	Percent
Advanced	90 & Above	38	48.72
Proficient	85 – 89	36	46.15
Approaching Proficiency	80 – 84	3	3.85
Developing	75 – 79	1	1.28
Beginning	74 & below	0	0.00
	Total	78	100.00
Mean		90.57 – Advanced	

Sa kabuuan ang mean ay 90.57 nangangahulugan na Advance. Batay sa resulta, mataas ang marka na nakuha ng mag-aaral sa asignaturang Filipino na nangangahulugang mayroon nang sapat na kagalingan at kahusayan sa pag-aaral ng kanilang aralin. Ang mga mag-aaral na may markang 90-94 ay may katumbas na with honors o may karangalan, 95-97 na katumbas na with high honor o may mataas na karangan at 98-100 na kaumbas na with highest honor o may pinakamataas na karangalan.

Ang ika-apat na talahanayan ay tumutukoy sa Makabuluhang kaugnayan ng kakayahang panggramatika ng mga mag – aral sa Filipino at ng kanilang akademikong perormans

Pinagmulan ng Korelasyon		Akademikong Perormans	Kakayahang Panggramatika	Intepretasyon
Akademikong Perormans	Pearson Correlation	1.00	0.11	Negligible Relationship
	Sig. (2-tailed)		0.33	
	N	78	78	
Kakayahang Panggramatika	Pearson Correlation	0.11	1.00	Not Significant
	Sig. (2-tailed)	0.33		
	N	78	78	

Ang kompyutasyon ng *Pearson-r* katumbas na 0.11 ay nangangahulugang walang makabuluhang kaugnayan ang kakayahan sa panggramatikong Filipino ang akademikong performans ng mga mag-aaral. Maliwanag na ipinapakita sa talahanayan ang kawalan ng kaugnayan ng akademikong performans sa kakayahang panggramatika ng mag-aaral.

Sa makatuwid, walang kaugnayan ang kakayahang panggramatikang Filipino sa Akademikong Performans ng Mag-aaral. Kadalasan hindi nabibigyang tuon ang pagtuturo ng gramatika sa mga mag-aaral sapagkat higit na binibigyang pansin ang pagtuturo ng panitikan na siyang pangunahing aralin sa pagtuturo.

VII. CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Batay sa buod na kinalabasan ng pag-aaral, ang mananaliksik ay humahantong sa pagbuo ng konklusyon tulad ng mga sumusunod. Ang antas ng kakayahan ng mga tagatugon sa panggramatikang Filipino ay nakapagtamo ng “Beginning” sa pagpili ng wastong salita, kayarian ng pangungusap at lohikal na organisasyon at “Developing” sa wastong gamit ng salita, ayos ng pangungusap, pagbuo ng pangungusap at mekaniks. Lumalabas na mahina ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng isang artikulo/sanaysay lalong lalo na sa paggamit ng mekaniks at lohikal na organisasyon sa pagsulat. Ang akademikong performans ng mga tagatugon ay nakapagtamo ng 90 pataas o Advance. Ang mungkahing modyul ay kailangan bilang kagamitang pampagtuturo upang mapataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatika. Ang pagtataya sa mungkahing modyul ayon sa kabisaan ay lubusang sumasang-ayon. Lumalabas na walang makabuluhang kaugnayan ang akademikong performans sa kakayahan sa pagussuri ng gramatikong Filipino ng mga mag-aaral.

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral iminumungkahi ng mananaliksik na; Pag-ibayuhin ng mga guro sa Filipino na maging mapamaraan at malikhain pagtuturo ng wasto at angkop na gamit ng salita sa loob ng pangungusap upang malinang sa kanila ang kawastuhan sa gramatikang Filipino nang magamit nila ito ng maayos sa kanilang kasanayang pasalita at pasulat. Paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay ng maraming halimbawa sa mga tiyak na sitwasyon at sa iba pang pagkakataon. Paunlarin ang kakayahan ng mag-aaral sa pagsulat ng artikulong may lohikal na organisasyon ng bawat kaisipan at maging ang paggamit ng angkop sa tuntunin ng pagbabantas, pagbabaybay at kapitalisasyon. Pag-ibayuhin ng guro sa Filipino na bigyang tuon ang pagsulat ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong pagbabaybay, kapitalisasyon, pagbabantas at lohikal na kaisahan ng bawat kaisipan sa loob ng talata ng isang artikulo/sanaysay. Ang binuong modyul ng mananaliksik ay maaring gamitin ng mga guro sa Filipino upang mapaunlad nang husto ang kanilang kagalingan sa wasto at angkop sa paggamit at pagpili ng mga salita at maging sa pagsulat ng isang artikulo. Ang mga mananaliksik at mga guro ng wika ay nararapat na magsagawa ng higit na mas malalim na katulad na pag-aaral na magpapakita ng kaugnayan sa resultang natamo sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng malalim na pag-aaral tungkol sa kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral.

REFERENCES

- [1]. Abangan V. Orlando Magno, Raquel Bocero at Romana Gera (2016), Masining na Pagpapahayag (Filipino 3). <http://www.Pressreader.com/Philippines/thefreeman/2010809/281779921270924>.
- [2]. Almario, V., (2015) In Focus: Ang Wika ng Karunungan Filipino. Retrieved: January 20, 2017. <http://ncca.gov.ph/>.
- [3]. Almario, Virgilio S. (2014) KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat. Quezon City: Komisyon ng Wikang Filipino.
- [4]. Aragon, Jiminez et.al (2013). An analysis of the writing skills difficulties of the English Composition in Students at the Foreign Language Department of University El Salvador. http://www.rices.edu.sr/5119/19An_analysis_of_the_writing_skills_difficulties_of_the_English_Composition_in_Students_at_the_Foreign_Language_Department.
- [5]. Arca, R. et.al (2014) Mga salik sa Epektibong Pamamaraan ng Pagtuturo sa Asignaturang Filipino ayon sa Pananaw ng mga Mag-aaral sa Medyor sa Filipino sa Kolehiyo ng Edukasyon ng Ramon Magsaysay Technological University, Taong Panuruan 2014-2015.
- [6]. Aragon, Yves Aaron Paul et.al. (2016) Integrasyon ng Computer Technology sa pagtuturo ng Asignaturang Filipino sa mga guro ng Pamublikong Mataas na Paaralan ng Sta.Cruz, Candelaria, at Masinloc Zambales Taong Panuruan 2016-2017.
- [7]. Bernales, Rolando et.al (2006) Masining na pagpapahayag sa Filipino. Valenzuela City: Mega-Jesta Prints, Inc.
- [8]. Bernales, R.A., Bernardino, E.C., Sison, E.O., Babasa, E.E. et.al. (2013). Retorika: Ang Sining ng Pagpapahayag Batayan at Sanayang-Aklat sa Filipino 3, Antas Tersarya. Mutya Publishing House Inc.
- [9]. B. Pavan Kumar (2015) Role of Grammar in English Language Learning <http://ijellh.com/wp-content/uploads/2015/12/20.-B.-Pavan-kumar-paper-final.pdf?x72302>
- [10]. Bielawska, Elizabeth (2015) Key Aspects of ESP Materials Selection and Design. Retrieved from http://www.researchgate.net/publication/330656326_Key_Aspects_of_ESP_Materials_Selection_and_Design.
- [11]. Bisa at Cruz, (2014) Pagpapaliwanag ng gramatika <https://gramatikangfilipino.meaningandrules.tips//43.html>
- [12]. Calmorin, A. at Calmorin, M. (2005), Methods of Research and Thesis Writing 1st ed. (reprint), Rexbookstore: Manila, Philippines
- [13]. Cañega, Jomar (2009). Interbensyong Pulitikal sa Preserbasyon ng Dibersidad Pangwika: Susi sa Rehiyunal, kultural at Ekonomikal na Pag-unald. Di-nalathalang Pananaliksik. Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas.
- [14]. Chomsky, N. (1965). Aspects of the theory of syntax. Cambridge, MA: MIT Press.
- [15]. Chomsky, N. 1965. Aspects of the Theory Syntax. The Hague: Newton. Culture https://newmedia.humnet.ucla.edu/courses/filipino2011/___Wika/Entries/20/6/12_Mga_Guro_ng_Wikang_Filipino_sa_Ibat_Ibang_Unibersidad.html.
- [16]. Dada, Esther M. (2015) Spelling Errors. Cause and influence of Student's performance in English Language Essay. Writing and Strategies for Correcting them. <http://www.academia.edu/29657481/>.
- [17]. Eszter Tarsoly and Riitta-Liisa Valijärvi (2013). Retrieved: January 20, 2017. <file:///C:/Users/user/Documents/researches/language-makes-difference.pdf>
- [18]. Galang Marites D. (2007) Kakayahang Komunikatibo Sa Filipino Ng Mga Mag. Aaral unang Taon Antas Tersarya Sa Holyangel University: Batayan Sa Mungkahing Kagamitang PamPagtutu Ro By <Http://Www.Hau.Edu.Ph/Abstracts-Pdf/>

- [19]. Galileo S. Zafra, Ph.D. Retrieved: January 28, 2017.(2011)https://newmedia.humnet.ucla.edu/courses/filipino2011/___Wika/Entries/201/6/12_Mga_Guro_ng_Wikang_Filipino_sa_Ibat_Ibang_Unibersidad.html
- [20]. Hamada, L. B.2011. An Error Analysis of Written Compositions in Four Rhetorical Acts by 4th year Class cadets. Unpublished Master's Thesis, Saint louis University, Baguio.*Esol proficiency scale* http://www.lonestar.edu/departments/esl/esol_proficiency_scale.pdf
- [21]. Hinkel, Eli (2005) Handbook of Research in Second Language Teaching and Learning. Retrieve <http://www.google.com/amp/ss/www.researchgate.net/publication/43521426>.
- [22]. Heramia (2017). Wastong Gramatika sa Salita.http://www.Wastong_Gamit_ng_Salia/lomtong/de_la_Salle.edu.ph
- [23]. Hutchinson and Waters (2010) Evaluating and Designing Materials for the Esp Classroom.https://www.researchgate.net/publication/262178129_Evaluating_and_Designing_Materials_for_the_Esp_Classroom.
- [24]. Hymes (2002). Istratohiya o Teknik sa Pagpapalano ng mga Aralinsa CBI.
- [25]. Impong Elyang (2012). Buwan ng Wika Special: Wastong Gamit ng mga Salita.<http://www.philstar.com/cebu-lifestyle/2012/08/02/8341/buwan-ng-wika-special-wastong-gamit-salita>.
- [26]. Lee, J. (2015). COnnquer Grammar, Singapore Asia Publisher Ptc.Ltd.
- [27]. Mabanglo, R. (2016). Retrieved: January 15, 2017. <http://www.rappler.com/nation/101762-guro-maging-malikhain-pagtuturo-filipino>.
- [28]. Macasmag, (2011) Pagpapakahulugan sa Pandiwa.<http://angpandiwa.html.jdshgccc.89cbdshevcv.online//>
- [29]. Manaol, Jirah (2014) Ang gramatika. <https://www.edu.aims.asdh.meanings//98jf.wiki.kumo.oficial>.
- [30]. Medul, A. (2018). Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Ika-sampung Baitang ng mga Mataas na Paaralan sa Distrito ng Sta. Cruz, Zambales.
- [31]. Milambiling, J. (2011). Bringing one language to another: Multilingualism as a resource in the language classroom.
- [32]. Nadayao, Lilibeth E. (2007) Estratohiyang Pangkomunikasyon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Guro sa Antas Tersaryarya ng Palawan State University. Palawan State University, Tiniguiban Heights, Puerto Princesa City, Palawan. <http://digilib.bsu.edu.ph/greenstone/cgi-bin/library.cgi?>
- [33]. National Educational Testing and Research Center (NETC).(2009)Retrieved; Jan.17, 2017http://fil.wikipilipinas.org/index.php?title=Estadistika_sa_Filipino&oldid=25622
- [34]. Norbert C. Lartec at Gemma M. Prey. (2011). Kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral sa University of Cordillera. https://www.academia.edu./34737551/Kakayahang_panggramatika_sa_Filipino_g_mga_Mag-aaral_sa_University_of_the_Cordilleras
- [35]. Peng, K. X. (2007). History of grammar's position and enlightenment in school English teaching in China. Foreign Language Teaching and Research, 2, 32-35.
- [36]. Russel at Spada (2006). The Effectiveness of Corrective Feedback for Second Language acquisition: A meta-analysis of the Research. https://www.researchgate.net/publication/312278574_The_Effectiveness_of_Corrective_Feedback_for_Second_Language_acquisition_A_meta-analysis_of_the_Research.
- [37]. Sanchez (2014), Descriptive Research. <http://www.google.comph/search?site=&source=hp&ei=jw21VvcSi8mgWjzq=descriptive+research//>.
- [38]. Saucó, C (2006). Retorikang Filipino: Pang-antas Tersaryo. Makati City: Katha Publishing Co., Inc.
- [39]. Shyryll S. Baluca at Simonte G. Bilbao, (2006). Epekto ng Revisyon sa Ispelling sa Filipino. Di-Limbag na Undergradweyt Tesis. Pamantasan ng Bikol Kolehiyo ng Edukasyon, Daraga, Albay, p.10.
- [40]. Sensie (2011) Reserch and Development of Measurement Scales and Assessment Tools of Foreign Children (Native Speakers of Filipino Attending Schools in Japan) Retrieved: January 20, 2017 http://www.journalijar.com/uploads/755_IJAR-8565.pdf
- [41]. Stephen J. Andrews (2008) Teacher Language Awareness Retrieved: January 28, 2017, http://link.springer.com/referenceworkentry/10.1007%2F978-0-387-30424-3_156
- [42]. Tomlison, Brian (2011). Material Development in Language Teaching (2nd Ed.) Cambridge: Cambridge University Press.
- [43]. Tanawan, D.S., Nacin, A.A., at Lartec J.K., (2008). Istruktura ng Wikang Filipino. Trinitas Publishing House.
- [44]. Villaruel, R.R. (2012). Retorika Mabisang Pagpapahayag sa Filipino. Books Atbp. Publishing Corp.
- [45]. Wang, Feng Juan. (2010) The Necessity of Grammar Teaching Commerce College of South-Central University for Nationalities Hongshan District, Wuhan, Hubei Province430065, China; June 2010<http://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1081617.pdf>

- [46]. Yasmeen M. Lukmani. (1972) Article. <http://onlinelibrary.wiley.com/doi/10.1111/j.1467-1770.1972.tb00087.x/full>
- [47]. Yu, Q. (2008). On the importance of grammar teaching. *Vocational Education*, 25, 110-111.
- [48]. ZafraGalileo S. (2016) Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). file:///C:/Users/user/Downloads/2197-7804-1-PB.pdf